



PAHAYAG SA MEDIA

ILALABAS KAAGAD: Nobyembre 19, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

\$20 milyon, magagamit para sa mga proyekto para mabawasan ang pagpaparumi sa hangin mula sa kagamitan sa paglipat ng kalakal

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang availability ng \$20 milyong dolyar para pondohan ang mga proyekto sa pagpapalit ng equipment at pansupotang impra-istruktura para sa Proposisyon 1B Programang Paggalaw ng mga Kalakal.

Gagamitin ang mga pondo para tulungan ang mga may-ari ng mga kagamitang pinapagana ng diesel na naglilipat ng kalakal sa mga pangunahing lugar sa pakikipagkalakal ng California. Ang takdang petsa ng mga aplikasyon ay sa Enero 15, 2021.

“Bagama’t malaki ang ginagampanang papel ng sistema ng paglipat ng kalakal sa Bay Area sa pagsuporta sa masiglang ekonomiya, isa rin itong pangunahing pinagmumulan ng nakakasamang pagpaparumi sa hangin para sa rehiyon at partikular sa mahihirap na komunidad malapit sa mga pasilidad sa paglilipat ng produkto,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Susupportahan ng mga insentibang ito ang mga proyektong nagpapababa sa mga emisyon at pahihintulutan tayo nito na lalong mabawasan ang problema sa pagpaparumi sa hangin sa mga komunidad na higit na nangangailangan ng ating pagtulong.”

Kasama sa mga kwalipikadong kagamitan para sa programang ito ang:

- Mga trak na may manufacturer gross vehicle na weight rating na 16,001 pounds at mas mabigat;
- Kagamitan sa pagbubuhay ng kargada gaya ng mga forklift, yard truck, at rubber-tired gantry crane;
- Mga transport refrigeration unit at insulated cold-storage trailer sa mga retail na tindahan ng grocery;
- Mga berth electrification at emissions capture at control equipment sa mga daungan; at
- Mga lokomotibong kalakal.

Poponduhan din ng programa ang iba’t ibang proyekto sa impra-istruktura sa hydrogen fueling, battery-charging, at electric plug-in para suportahan ang mga may-ari ng kagamitan sa paglipat ng kalakal para magtransisyon sa wala o halos walang emisyon.

Ang Proposisyon 1B ay inaprubahang mga botante ng California noong 2006 at pinapahintulutan nito ang mga pangkalahatang obligasyon sa mga bono ng estado para sa mga tinukoy na layunin,

kasama ang mga mataas na priyoridad na pagpapahusay sa koridor ng transportasyon at proyekto sa transportasyon sa pagtutulungan ng estado at lokal na pamahalaan. Ang Programang Paggalaw ng Mga Kalakal ay isang pagtutulungan sa pagitan ng Lupon ng Mga Mapagkukulan sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) at mga lokal na ahensiya, air district, at mga daungan, para mabilis na mabawasan ang mga emisyon ng pagpaparumi sa hangin at panganib sa kalusugan mula sa paglilipat ng kalakal sa kahabaan ng mga koridor ng kalakal ng California.

Handa ang mga kawani ng Air District upang sumagot sa mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at mga kahingian sa paggawad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programang ito o para magsimula ng aplikasyon online, bisitahin ang website sa www.baaqmd.gov/goods.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)